# Kabanata 15:
# SI BUNGISNGIS

HINDI PA NAKAKABAWI ng lakas si Iska pero agad naman silang binati ng isang dambuhalang tawa nang tawa. Malapad at malaman ang dambuhalang ito. Napansin ni Iska na isa lang ang mata nito. Halos sakupin na rin ng napakalaking mata nito ang kaniyang noo. Ang kaniyang pantaas na labi ay halos matakpan na rin ng kaniyang napakalapad na mukha. Napakalaki at napakatulis din ng pangil nito na lagpas sa bunganga. Kulot ang buhok nito at dikit na dikit sa anit. Wala itong suot na pang-itaas, ngunit natatakpan naman ang pambaba nito ng pinatuyong balat ng hayop. Marahil ay kalabaw dahil sa ilang mga sungay ng kalabaw na nakapaligid sa kaniya.

"Kamukha mo," bulong ni Iska kay Kenneth.

Kagaya ng Tikbalang, triple ang laki nito sa kanila ni Kenneth. Pero sa ngayon, hindi siya kinakabahan. Alam niya ang lagi't laging solusyon sa mga problema niya sa Hiwaga.

Iba ang amoy sa gubat na ito. Kanina, amoy sigarilyo. Ngayon ay amoy ng dugo ng patay na hayop. Ganito ang amoy tuwing isasama siyang mamili sa palengke ng kaniyang lola noon. Naiinis siya dahil napuputikan ang tsinelas niya, tumatalsik at dumidikit pa sa shorts niya ang putik na natatapakan niya. Mula noon, sinabi niya sa sariling hindi na siya babalik sa palengke.

"Ano kayang meron dito?" tanong niya kay Kenneth. Kahit sino pa yatang kaharapin nila ni Kenneth, hindi ito kakikitaan ng takot. Tao ba talaga siya?



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 125 11/20/2024 8:07:16 AM

Sigurado si Iska na wala sa itsura nito ang pagbibigay ng palaisipan. Lalong wala rin sa itsura nito ang pagiging mabait at basta na lang silang palalagpasin. Kung ano man ang kailangang gawin, handa si Iska na gamitin ang kaniyang pana at palaso.

Sa tagal na nakaharap ng dambuhala sa kanila, imbes na magsalita, tumawa lang ito nang tumawa sa kanila.

*Tawa ng bata na nausog*, naisip ni Iska.

"Maligayang pagdaing, mga bata!" Tumigil ito. "Sinabi ko bang pagdaing?" Tumawa na naman nang tumawa ang dambuhala. "Ang ibig kong sabihin ay Maligayang Pagdating! Ako si Bungisngis." Muli, humalakhak ito at sa pakiramdam ni Iska, mukhang maririnig ito maski ng Tikbalang.

Sa bawat salita at pangungusap ng dambuhala, napapatakip sina Iska ng mga tainga. Halos mag-away na kasi lahat ng kurdon ng tainga nila sa lakas ng tawa at halakhak nito.

Sinubukan ni Kenneth na hilahin si Iska at tumakas agad sa malaking nilalang sa harap nila. Kaya lang, naabot at nahawakan sila nito. Gamit ang malalaking kamay, hinawakan ng dambuhala sina Iska at Kenneth. Halos mamilipit sa sakit ang dalawa dahil sa pagkakahawak ng Bungisngis sa kanila. Ginamit nila ang buong puwersa upang makawala, subalit hindi pa rin sila nagtagumpay.

Kusa silang ibinaba ng dambuhala. Itinayo sa harap niya na parang mga laruan.

"Ikaw, babae, dito ka," sabi ng Bungisngis nang ibaba si Iska. "Ikaw naman, lalaki, dito ka dapat. Diyan ka lang. 'Wag kayong gagalaw." Muli, humalakhak na naman ito.

Nakahinga nang maluwag ang dalawa. Akala nila ay katapusan na nila.

Ibinaba ng Bungisngis ang tingin kay Iska. Inilapit nito ang mukha at ang napakalaking mata sa kaniya. Halos kita na rin ang pulang ugat nito sa mata. Litaw na litaw ang pagkaitim ng malaki at nag-iisang mata nito. Kasinlaki ni Iska ang mata ng dambuhala sa harap niya.

"Ikaw pala si Iska. Ang isa sa mga anak ni Bathala. Hmmm," bulong nito. "Iska. Bathala. Magkatunog nga!" Muli, hindi na naman ito natapos tumawa. Napakababaw ng kaligayahan nito. "Napakaganda ng iyong mga mata! Pwede ko bang mahiram?"

Dumagundong ang tawa nito sa buong kagubatan. Nagliparan ang mga uwak. Nagtakbuhan ang mga ligaw na hayop sa gubat. Halos kumulog at kumidlat. Dumilim ang langit.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 126 11/20/2024 8:07:16 AM

Napatakip uli ng mga tainga ang dalawa.

"Kenneth, ano bang gagawin natin dito?" nagtatakang tanong ni Iska. Hindi ba sila balak kausapin ng Bungisngis nang maayos? Nagmamasid pa ang binata.

Kasasabi palang ni Iska ng tanong niya kay Kenneth, biglang humakbang nang pagkalakas-lakas ang Bungisngis. Pagkatapos, yumanig ang kinatatayuan nila. Ramdam nilang dalawa ang bigat ng kaharap. Kung bugtong lang ang labanan, madali lang. Kung pabigatan, talo sila.

Humawak sila sa isang puno malapit sa kaniya. Iniabot naman ni Kenneth ang kamay niya at inaya si Iska na humawak rito. Napasigaw si Iska sa takot dahil pakiramdam niya, kakainin na siya ng lupa. Kung hindi man lupa ang kakain sa kaniya, baka iyong dambuhala pa mismo.

"Ako si Bungisngis! Narito ako upang kayo'y patawanin nang patawanin!" sabi nito. Tumigil si Bungisngis sa paghakbang at kumalma nang bahagya. "Hindi ko gusto na takutin kayo. Gusto ko lang makinig kayo sa kuwento ko." Nagpapaliwanag ito pero hindi maintindihan nina Iska ang tunay at gusto nitong mangyari. Pumalakpak ito na tila bata na natutuwa tuwing naibibigay ang gusto. Pakiramdam ni Iska nasa silid-aralan siya noong unang baitang sila.

"Ikaw, Iska, alam kong mahilig kang magbasa ng libro. Hind ba't ang pinakahuli mong nabasang kuwento ay tungkol sa isang *gangster* na na-inlove sa isang *common* na *girl* sa *campus*?" Nagitla si Iska dahil alam ng Bungisngis ang isa sa mga paborito niyang libro.

"Paano mo nalaman?"

"Naging pelikula pa nga ang librong iyon. Sumali ka pa sa isang *contest* para ma-meet ang mga artista ng pelikula pero sa kasamaang-palad, hindi ka nanalo. Nanalo si Jane ng *ticket* para sa *VIP pass* pero hindi niya ibinigay sa 'yo, tama ba?"

Tumango si Iska. Akala niya dapat katakutan ang nilalang sa kaniyang harap, hindi naman pala. Baka kagaya lang din ito ng Tikbalang na nakaharap nila kanina.

"Nakalimutan mo na nanalo naman ako sa *giveaway* ng *author* kasi ilang beses akong nag-comment sa isang *book giveaway* niya sa StalkMe *account* niya. Sobrang dami ko kayang *entries* noon kaya nanalo ako ng *signed copy* ng libro," pagdudugtong pa ni Iska.

"Nanood ka pa nga ng *first and second day show* ng *movie* pero hindi mo sinabi sa magulang mo na dalawang beses ka nanood kasi sigurado,



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 127 11/20/2024 8:07:16 AM

pagagalitan ka. Tawang-tawa kang hindi man lang napansin iyon ng nanay mo. Kayong dalawa ni Jane lang ang nakakaalam no'n hindi ba? Ang galing mo nga dahil naloko mo ang nanay mo, Iska," pagbati pa ng Bungisngis. "Kung makaharap ka rito, akala mo wala kang masamang ginawa ni minsan."

Natamaan si Iska nang sabihin nito na naloko niya ang nanay niya. Hindi niya intensiyon na magtago ng lihim kay Mommy Jo. Gusto niya lang naman na manood dahil iyon ang unang aklat na nagbigay ng dahilan sa kaniya para magbasa.

Hindi niya rin gustong maglihim sa nanay niya noon pero wala naman siyang magagawa dahil hindi naman ito napansin. Laging *overtime* nang panahon na iyon ang nanay niya kaya kahit sabihin niya, papayag din naman ito. Saka, wala namang ibang nakakaalam kung hindi siya lang.

Kinalabit siya ni Kenneth sa likod. "Iska, ilang oras na kayong nag-uusap ni Bungisngis. 'Wag kang magpadalos-dalos. Kung hindi tayo gagawa ng paraan ay hindi tayo makakaalis sa harap niya. Mag-iisip lang siya nang mag-iisip ng ikukuwento sa 'yo at ikaw rin naman ay mapipilitang magpaliwanag at magkuwento."

"Naaalala ko na. Iyan ang kapangyarihan ng Bungisngis," bulong ni Kiko. "Kaya nitong kainin ang oras mo. Kaya nitong makipagkuwentuhan sa 'yo maghapon. Kaya ka nitong patawanin nang buong araw," dugtong ni Kiko. Samantala, hinila ni Kenneth si Iska at inilagay sa likod niya.

"Anong gagawin natin," tanong ni Iska.

"Lituhin n'yo siya. Iyon lang ang paraan. Bilisan n'yo na," sagot ni Kiko.

Humakbang paatras ang dalawa. Naghiwalay ito at isinagawa ang kanilang plano. Inilabas ni Iska ang tali sa baywang niya. Itinali niya ito sa isang mataas na puno. Sa dulo ng kaniyang lubid may tinalian siyang bato, na siya namang ibinato niya kay Kenneth. Itinali naman ito ni Kenneth sa isa pang puno.

Simple lang ang nais nilang mangyari. Kailangan lang nilang malagpasan ang Bungisngis nang sila ay makasulong na sa paghahanap ng kampana.

Pinaligiran nila ang Bungisngis na para bang ikukulong nila ito sa isang malaking pabilog na bakod gamit ang kanilang lubid.

"Tumakbo tayo paikot sa kaniya. Ikutan lang natin siya nang ikutan hanggang sa mahilo siya. Kapag nahilo na siya, tsaka natin siya itatali gamit ang lubid."



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 128 11/20/2024 8:07:16 AM

Ito nga ang ginawa nila. Tumakbo si Iska paikot sa Bungisngis. Tumatakbo sila sa magkabilang direksiyon upang hindi sila mahuli ng malaking dambuhala. Bago pa makalapit sa kanila, tiyak ng dalawa na wala na sila sa harap nito.

Naglambitin si Kenneth sa mga lubid na itinali nila paikot sa mga punong nakapalibot din sa Bungisngis. Nakita ito ng nag-iisang mata ng dambuhala. Kaya naman, agad niyang sinubukang sakmalin si Kenneth. Hindi niya nahuli si Kenneth subalit, naputol naman nito ang lubid na nakapalibot sa kaniya. Napasigaw si Iska dahil ramdam nito ang masisira nilang plano.

"Kenneth! Ang lubid!" sigaw nito.

Agad na tumakbo si Kenneth pabalik sa napatid na lubid. Hinawakan niya ang dulo ng lubid, tinalian niya ng bato at ibinato sa gitna ng mata ng Bungisngis.

Hindi naman ito tumama sa mata ng dambuhala. Sa halip, hinawakan siya nito gamit ang kaniyang dambuhalang kamay. Ramdam ni Kenneth ang sakit sa pagkakahawak sa kaniya ng dambuhala. Samantala, hindi alam ni Iska ang gagawin.

Tumakbo siya papunta sa harap ng Bungisngis. Humalakhak ang dambuhala dahil nakuha nito si Kenneth sa mga palad niya. Hindi nagtagal, inilabas naman ni Iska ang kaniyang liyab at inasinta ito sa mata ng Bungisngis.

"Iska! 'Wag mong tatamaan ang mata niya!"

Bago pa man marinig ni Iska ang babala ni Kenneth, inasinta na nito ang mata ng Bungisngis. Nakaiwas naman ang dambuhala sa pag-atake ni Iska, kaya lang, mas tumindi ang pagkakahawak nito kay Kenneth. Mas sumakit ang katawan ni Kenneth sa pagkakahawak. Hindi niya alam kung paano maiiwasan ang sakit.

Dahil sa pagkapikon ng Bungisngis kay Iska, binitiwan nito si Kenneth at humakbang papalapit kay Iska. Sumigaw ito. Bagay na sobrang layo sa ginawa nitong pagtawa at paghalakhak kanina. Tumakbo nang mabilis si Iska. Gaya ng pagtakbo niya tuwing hinahabol siya ng taya sa habulan. Tumakbo siya nang mabilis at sinigurong malalaki ang hakbang papalayo sa dambuhala. Subalit hindi man lang nahirapan ang Bungisngis na habulin siya at ikulong sa mga kamay nito.

Nahawakan na ng dambuhala si Iska. Sinunggaban nito si Iska sa mga palad niya. Hinigpitan niya ang pagkakahawak, ngunit nakapagtatakang hindi nararamdaman ni Iska ang sakit. Ngumanga ang dambuhala.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 129 11/20/2024 8:07:16 AM

Isusubo na si Iska. Isang malaking pagnganga lang ng dambuhala, siguradong makakain agad nito si Iska.

Mas natataranta si Kenneth. Siguradong guguho ang Hiwaga kapag nawala bigla si Iska. Kaya kahit ayaw niya, inilabas niya ang kaniyang sariling liyab at inasinta ito sa bibig ng Bungingis.

Pagkabuka ng bibig ng Bungisngis, binato ni Kenneth ang matulis at nagliliyab niyang sandata. Agad natamaan ang dambuhala. Nanghina ito at nabitawan si Iska. Sinundan pa ni Kenneth ng isang liyab, hanggang sa tuluyan nang manghina ang Bungisngis.

Bago pa bumagsak si Iska sa lupa, agad naman siyang nasalo ni Kenneth.

Sa mga braso at palad ni Kenneth siya bumagsak. Dahil sa pagod, takot, at gulat, hindi na namalayan ni Iska kung ano pa ang sumunod na nangyari.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 130 11/20/2024 8:07:16 AM